

Chapter One

Emma and Sayen: The Beginning

Malayo ang tingin niya habang nakadungaw sa bintana ng classroom. Gusto niyang mag-audition sa dance club sa school nila subalit kinakabahan siya. Noong isang araw ay nakita niya ang ilang kaklase at schoolmate na nagpa-practice sumayaw sa stage. Magagaling ang mga first year students, feeling niya ay wala siyang binatbat.

Mayroon pa siyang isang linggo upang paghusayan ang pagsayaw. Nagpa-practice siya pagkatapos ng klase nila. Pangarap niyang makasali sa dance club para maging isa siya sa mga dancer na magre-represent ng school nila sa mga dance competitions or dance performances.

Bumuntong-hininga siya at ibinaling ang

tingin sa Math teacher. She hated Math. Palaging seventy-five percent lang ang nakukuha niya sa mga quizzes. She liked arts, music, television, dancing, singing, at science. First year high school lamang siya at hindi pa niya alam ang kursong kukunin pagdating sa college. Pero sigurado siya na hindi niya pinangarap na kumuha ng Engineering o anumang science-related course. May interest siya sa pagsayaw at sa film.

“Emma, solve problem number one, please.” tawag ng teacher niya.

Huh? sabi niya sarili. OMG! Ayaw niyang tumayo. Bakit siya pa ang natawag? Malas.

Siya si Emma Rose Sandoval. First year high school, pretty, mahina sa Math, favorite manood ng TV at manood ng sine sa spare time niya.

Napalunok siya. Hindi nga niya matandaan ang last lecture, pagkatapos tatawagin siya para mag-solve ng isang Mathematics problem. Ang totoo, hindi siya nag-aral kaya siya kinakabahan.

“Emma, did you hear me?” Nakapamaywang na ang Math teacher nila. Hindi ito masyadong guwapo kaya minus sa inspirasyon ni Emma. Alam niyang hindi naman mahalaga kung guwapo o hindi ang teacher, pero kasi mas na-i-inspire siyang makinig kapag may hitsura ang nagtuturo sa harapan niya.

“Yes, Mr. Martinez.” At tumayo siya kahit pa

wala siyang ka-ide-idea sa Math problem.

Nagtinginan ang mga kaklase niya sa kanya. Sinundan nila ng tingin si Emma habang papunta siya sa harapan ng klase.

“Okay, Sayen, solve problem number two,” tawag ng teacher sa payatot na lalaki pero mababakas na kaguwapuhan nito.

Tumawag pa ng ilang estudyante si Mr. Martinez upang i-solve ang natitirang Math problems.

Magkatabi sila ni Sayen sa blackboard. Bumulong ang huli kay Emma.

“Halatang hindi ka nag-aral kagabi, nanginginig ang mga kamay mo.” At bumingisngis ito.

Ang lalaki ay si Sayen David Santander, ang seatmate ni Emma. Bully ang batang ito. Malakas mang-asar sa mga kaklase subalit napakahusay gumuhit. Nanalo ito sa drawing competition sa school nila maging sa national level. Medyo mayabang din ito at matalino sa Math.

Matalino rin si Emma, kaya lang hindi sa Math subject. Mahusay siya sa Science, History at Arts.

Binato niya ng masamang tingin si Sayen. Hindi siya umimik at ipinagpatuloy pa rin ang pag-solve ng problem kahit hindi niya alam ang sagot.

Natapos na si Sayen sa problem-solving at umupo. Natapos na rin ang mga kaklase niya. Siya na lamang ang natitirang nakatayo at nagso-solve.

Napaligon siya sa paligid. Oh, no! Hindi pa niya na-solve ang Math problem. Bakit kasi kailangan niyang gumawa niyon na hindi naman sa kanya? Nagbubulungan na ang mga kaklase niya.

“Miss Sandoval, I think you need some help. Please, sit down.”

Emma was disappointed and embarrassed. Umupo na lamang siya. Tanggap niyang mali ang kanyang sagot.

“Number one is wrong. Sino ang gustong mag-correct?” tanong ni Mr. Martinez sa buong klase.

“Sir!” Nagtaas ng kamay si Sayen. Itinama nito ang solution na ginawa ni Emma.

Oh well, hindi lang ako nag-review, pero alam ko naman 'yan, depensa niya sa sarili. Magkatabi sila ni Sayen sa upuan. Parehas kasing nagsisimula sa S ang last name nila.

“Hindi kasi nag-aaral mabuti. Tsk, tsk!” mayabang na parinig ng katabi kay Emma.

“Bakit ang yabang mo?” pabulong na tanong niya.

“Nagsasabi lang ako ng totoo,” sagot nito.

Hindi na lamang umimik si Emma. Kilalang bully at mayabang si Sayen sa klase nila. Wala pang naglalakas ng loob upang i-confront ang payatot na ito.



Araw ng audition. Kinakabahan si Emma. Dance interpretation ng *Gravity* ni Sarah Bareilles ang gagawin niya. She's only thirteen, pero pipilitin niyang bigyan ng buhay ang awitin sa pamamagitan ng pagsayaw.

May mga estudyanteng nanonood ng audition at kabilang doon si Sayen. Nanlaki ang mga mata nito nang makita si Emma na kasama sa mga mag-a-audition. Sa kabila ng alam nitong tahimik sa klase at mahina sa Math ang babae, unconsciously, excited itong mapanood siya.

Tinawag ang pangalan ni Emma. Pumuwesto siya sa stage. Tahimik ang lahat at nakatuon ang mga mata sa kanya. Nakatitig at nakanganga si Sayen sa kaklase. Ang choreographer at dance instructor at ilang teacher ay nasa harapan ng stage upang i-judge ang kahusayan ni Emma.

Pinatay ang mga ilaw. Spotlight on her. Silence. Ipinikit niya ang mga mata at huminga nang malalim. Handa na siya.

Tumugtog ang awitin ni Sarah Bareilles na *Gravity*. Sumayaw si Emma. Maganda ang simula. May ilang pagkakamaling nakita ang choreographer, nag-deduct ito ng points. Sa kalagitnaan ng kanyang pagsayaw ay bigla siyang natapilok at bumagsak siya sa stage, face first. Napatakip ng bibig ang mga tao. Natawa si Sayen.

Bumangon siya at nagpatuloy sa pagsayaw.

Nagpalakpakan ang mga tao. Nag-bow siya at umalis sa stage. Mangiyak-ngiyak siya dahil hindi siya makapaniwala na bumagsak siya sa stage. Siguradong mababawasan ng ilang points ang performance niya.

Umiiling siya habang naglalakad palabas ng auditorium. Malalaman ang resulta in two days. Tatawagan ang masuwerteng mga dancers na nakapasa sa audition. Umaasa siya na ibabase ang judgement sa kanyang whole performance.

“Sayang, kung hindi ka bumagsak ay ang ganda na sana ng performance mo,” kantiyaw ni Sayen sa kanya habang sinusundan siyang maglakad. “Kung kumain ka sana nang medyo madami para hindi ka mukhang tingting na sumasayaw, mas okay,” patuloy nito.

Nagulat si Emma dahil hindi niya alam kung saan nanggaling ang lalaking iyon. Napalingon siya sa likuran at hayun si Sayen, nakabuntot sa kanya.

“At bakit hindi ikaw ang kumain nang madami? Tingnan mo nga ’yang katawan mo, para kang uncapitalized letter L. Payatot!” naiinis na asik niya habang patuloy sa paglalakad.

Down na nga siya ay lalo pa siyang dina-down ng payatot na si Sayen. Hindi niya alam kung bakit paborito siyang alaskahin nito.

“Pero malay mo matanggap ka pa rin,” sabi nito.

“Ewan ko,” saad ni Emma at binilisan niya ang paglalakad.

Tumigil na lamang si Sayen sa paglalakad at pinagmasdan ang likod ni Emma habang papalayo siya. May naisip itong idea. Sumilay ang nakakalokong ngiti sa mga labi nito.



Tuesday afternoon, sa bahay ni Emma habang kumakain siya ng isang bowl ng rocky road ice cream. Nanonood siya ng TV imbes na nag-aaral ng Math. Biglang nag-ring ang telephone sa bahay nila.

“Hello?”

“May I speak with Emma Rose Sandoval, please?”

“This is Emma. Who’s this?”

“Hi, Emma. Isa ako sa mga judges sa dance audition mo last week.”

“Ok—Hello po!” Bigla siyang kinabahan. Para siyang nilalagnat sa kaba. Tanggap ba siya o rejected?

“Congratulations! Pasok ka sa dance group sa school. Bukas ng umaga mga eight, mag-report ka sa auditorium. Okay?”

“O-opo, sure. Thank you po.” Sobrang saya siya.

“Again, congratulations and see you tomorrow

morning. 'Bye."

"Thanks, 'bye." Bigla siyang nagtatalon sa sobrang tuwa.

Ipinagkalat na niya sa bahay nila na natanggap siya sa dance group. Tuwang-tuwa ang kanyang mga magulang at mga kapatid. Alam nilang gusto talaga ni Emma na sumayaw kaya suportado siya ng mga ito sa mga pangarap niya.

Kinaumagahan sa school auditorium, sobrang excited siya. Hindi niya alam kung ano ang gagawin nila sa unang araw. Baka briefing lang muna then practice na.

Pumila na siya. Nakita niya ang ilang estudyanteng natanggap din sa audition. She's very proud of herself. Turn na niya. Ibinigay niya ang full name sa choreographer.

"I'm sorry, we didn't call you. Your name is not on our list," sabi nito sa kanya.

"Huh? Emma Rose Sandoval po. Paki-double check po," utos niya. Mabuti na lamang at sinunod siya nito.

"Nope, walang Emma Rose Sandoval."

"Eh, sino po 'yung tumawag sa akin kahapon?"

"Ano'ng name n'ung tumawag sa 'yo?"

Shoot! Hindi niya alam at hindi niya kasi tinanong ang pangalan.

"Uhm... nalimutan ko po."

"Well, my dear, I'm sorry to tell you this, hindi

ka namin tinawagan at hindi ka pasok sa dance group. Sorry. 'Bye! Next!" sabi ng choreographer.

"Gan'un po ba? Sige po." At naglakad siya palabas ng auditorium. Hindi siya tanggap. Hindi siya makakasayaw sa mga programs at dance competition.

Sino ang tumawag sa kanya? Parang wala sa sarili si Emma habang naglalakad. Bigla siyang naiyak. Binilisan niya ang paglalakad hanggang tumatakbo na siya. Kung sino man ang tumawag, bakit sinabi na tanggap siya pagkatapos ay wala naman pala ang name siya sa listahan ng mga estudyanteng natanggap sa dance group?

Hindi niya napansin si Sayen na nakatayo sa gilid ng pader habang tumatakbo siya. Hindi rin niya napansin ang mga tao sa paligid. Pakiramdam niya ay sobra siyang napahiya.



Biglang naawa si Sayen kay Emma nang makitang umiiyak ang kawawang dalagita. Alam niya ang dahilan kung bakit ito umiiyak, napahiya si Emma sa choreographer. Siya ang walang pusong tumawag sa kaklase at nagsabing tanggap ito. Nagboses-babae siya sa phone noong tinawagan si Emma.

Nalungkot siya. Naglakad siya pauwi ng bahay at hindi pa rin mawala sa isip niya ang

ginawang kasamaan sa isang batang wala namang ginagawang masama sa kanya. Bakit kasi niya ipinahiya ang dalagita at niloko sa telepono?

Hindi niya mahagilap sa isipan kung bakit niya gustong asarin at ipahiya si Emma. Bakit nga ba? Mula nang araw na nakita niyang umiyak ang babae, medyo nagbago na siya. Hindi na niya inaasar ito. Alam niyang dinurog niya ang mga pangarap nito na maging school dancer. Nagsisisi na siya sa ginawa. Gusto niyang aminin kay Emma na siya ang tumawag, subalit natatakot siya na baka sakalin siya nito.

Iniiwasan na rin siya ng kaklase dahil sa takot na baka insultuhin o asarin niya ito. Hindi rin siya nito kinakausap at kapag may itinatanong siya kay Emma, simpleng sagot lang palagi ang sinasabi nito.

Lumipas ang isang taon at nag-transfer si Emma sa ibang school. Mula noon ay nalungkot na si Sayen. Nabawasan na rin ang pang-aasar niya sa mga kaklase at naging mabait na rin sa mga estudyante. Napalingon siya sa upuan na dating inuupuan ni Emma. Lalo siyang nalungkot, wala na sa tabi niya ang babaeng pinaiyak niya.

Chapter Two --- The Proposal

Eighteen years later...

“Are you excited? Next year na ang wedding mo! May gosh!” Mas excited pa si Cecile sa best friend nito. Nakilala nito si Emma noong college sila.

Katatapos lang nilang mag-shopping ng wedding shoes para sa future bride. Naroon sila sa isang restaurant sa Makati. Na-meet na rin nila ang wedding planner.

Emma wore a beautiful floral dress. She’s pretty, naturally curly ang kanyang buhok na hanggang balikat. Palagi niyang pinagmamasdan ang kanyang 18-carat diamond engagement ring.

“Of course I’m excited! Sino’ng mag-aakala na magpo-propose sa akin ang isa sa pinaka-hot male

celebrities sa buong Pilipinas? At ikakasal ako sa kanya!” Inilayo niya ang tingin sa kamay na may suot na singsing.

Nakapagtapos siya ng pag-aaral at nagtatrabaho siya sa isang sikat na TV channel bilang isang producer at assistant director. She majored BA in Film and Audio-Visual Communication. Naging co-director siya sa isang independent film noong nasa college siya. Bad ratings and bad reviews ang natanggap niya, but she didn't give up on her dreams. Gusto pa rin niyang gumawa ng isang independent movie o isang documentary balang araw.

Nagkakilala sila ng kanyang simpatiko at guwapong fiancé na si Joshua Hendrickson sa TV show na nagkataong isa siya sa mga producers. Halos araw-araw silang nagkikita dahil host si Josh ng isang noontime show. Half-British at half-Filipino ang lalaki. Pero mas malakas ang dugong Pinoy dahil sa strong and dark-skinned features nito.

Two years na silang magkasintahan bago nag-propose si Josh kay Emma. Ang proposal nito ang isa sa pinaka-romantic at expensive sa buong Pilipinas. Umani ng ten million views sa social media ang recorded proposal. Umani naman ng eight million shares at likes sa buong mundo.

Nag-flashback ang lahat sa kanya at malinaw na

malinaw pa rin sa kanyang isip ang napakagandang proposal ni Josh.

The proposal was well-planned. Pauwi na si Emma noon. Naglalakad siya sa kalsada patungo sa kotse niya nang biglang sumindi ang bawat ilaw sa bawat lugar na madaanan niya. Ang mga taong nakakasalubong niya ay nagha-hum ng *All of Me* ni John Legend. Iyon kasi ang theme song nila ni Josh.

Ang isang lalaki na nakasalubong niyang may hawak na gitara ay kilala niya. Isa iyon sa mga sikat na musician at singer sa Pilipinas. Nagstrum ito ng gitara at nagsimulang kumanta ng *All of Me*. Nagsulputan din ang mga tao at sumabay sa pag-awit niyon. May sumasayaw ng ballet at may nagtatapon ng petals ng mga bulaklak sa dinadaan niya. May tumutugtog din ng violin habang sinusundan siya.

Napatigil siya sa paglalakad. Napahawak siya sa kanyang bibig dahil hindi niya alam ang nangyayari, pero may kutob na siya.

May humawak sa kanyang kanang kamay. Nakilala niya ang babaeng iyon, isa ito sa mga dancer sa noontime show. At may isa pang umalalay sa kanya. Inakay siya ng dalawang dancers pabalik sa building.

May nag-blindfold sa kanya. Naramdaman niyang umaakyat sila sa hagdanan, pero hindi niya ma-imagine kung saang parte ng building

siya dadalhin ng mga taong iyon. Naririnig pa rin niya ang choir, ang naggigitara at nagva-violin. Naririnig din niya ang mga yabag ng mga dancers.

Lahat ng iyon ay naka-video.

Nang makarating na sila sa itaas ng building, naramdaman niya ang hangin sa kanyang mukha. Alam niyang nasa roof deck siya ng gusali na pinagtatrabahuhan niya. Pero bakit?

Naramdaman niya na dahan-dahang binitawan ng dalawang babae ang kanyang mga braso. Bumulong ang isa, “Just wait here.”

Tanging ang musika na nanggagaling sa violin ang naririnig niya. Pakiramdam niya ay nagsialisan na ang mga tao sa paligid.

Lingid sa kanyang kaalaman, bumalik sa studio ang mga taong involved sa proposal na iyon. Doon nila panonoorin ang proposal ni Josh. Kinikilig sila at kinakabahan. May ibang naluluha. Nandoon din ang nanay at tatay ni Emma pati ang mga kapatid niyang sina Renz at Ate Micaela niya (Michael ang real name pero transgender kasi ito).

Hindi niya alam kung sisilip ba siya mula sa pagkaka-blindfold o maghihintay siya. Naramdaman niya ang presensya ng isang tao. Nakatayo ito sa kanyang harapan. Dahan-dahan itong lumalapit sa kanya. Hanggang naramdaman na niya ang hininga nito sa kanyang mukha.

The music kept playing and she was still

clueless.

Dahan-dahan ay dumampi sa kanyang mga labi ang isang halik. Tinanggal ng taong humalik sa kanya ang blindfold. Sa wakas ay makikita na rin niya ang sorpresa. Medyo malabo ang paningin niya, subalit alam na alam ni Emma ang aura ng lalaking nakatayo sa kanyang harapan.

Muli siyang hinalikan nito at niyakap.

Ang mga tao sa studio ay sobrang kinikilig. Sino ang mag-aakala na ang isang super sikat at guwapong artista ay magpo-propose sa isang simple pero magandang producer ng kanilang show? Naiiyak ang pamilya ni Emma. Ang nanay niya pahikbi-hikbi sapagkat kasabwat ito sa pagpapalano ng proposal na iyon, at siyempre kasabwat din ang Ate Micaela niya.

Hindi alam ni Emma ang sasabihin sa pagkakataong iyon. Medyo naluluha siya at puno ng katanungan ang kanyang mga mata.

“Em, sana hindi ka maapektuhan ng mga camera na nakapaligid sa atin. Gusto ko lang ibigay sa ’yo ang lahat ng bagay na magaganda dahil deserving ka sa lahat ng iyon,” sincere na hayag ni Josh.

Kinuha ni Josh ang kanyang kaliwang kamay at hinalikan iyon. May dinukot ito sa bulsa. Guess what? An engagement ring with a gigantic diamond!

Nagsigawan ang mga tao sa studio nang i-focus ng camera ang diamond ring. Nanlaki ang mga mata ni Emma sa gulat. Nanginginig ang mga kamay na natutop niya ang kanyang bibig.

“Emma Rose Sandoval, will you marry me?”

“Of course! Yes, yes I will marry you!” umiiyak na sabi niya. Walang pag-aalinlangan sa kanyang isipan. Ito ang pangarap ng bawat babae. Ito ang pangarap niya.



Tagaytay City. Two-days off nina Josh at Emma sa work nila. Paborito nila ang Tagaytay at doon din gaganapin ang kasal nilang dalawa.

Magkayakap sila sa couch habang nanonood ng movie.

“Hon,” malambing na sabi niya kay Josh.

“Babe?”

“Naalala mo ba 'yung promise natin sa isa't isa a couple of years ago na bago tayo magpakasal, we will take four months off para mag-travel sa Europe at Africa? Do you remember? I have enough money saved for that trip.”

“Of course, naalala ko.”

“Why don't we go next month?”

“Babe, we can't just go... we have to plan. I still have a lot of commitments dito sa Pilipinas. Hindi ko p'wedeng talikuran ang lahat ng iyon at hindi ako p'wedeng mawala sa showbiz limelight for

four months.”

Silence.

Two years ago, tandang-tanda ni Emma na sobrang excited sila sa pagpapalano ng trip na iyon, subalit iba na ang reaksiyon ni Josh. She understood him but she’s itching to travel with him. Pinanghahawakan niya ang mga pangako at naiinis siya kapag hindi iyon natutupad.

“I mean, puwede tayong magbakasyon anytime but not now. Are you not busy planning for our wedding? Hindi ka ba stressed sa lahat ng ito ’tapos gusto mong mag-travel tayo for four months? Come on, babe, be realistic.”

“Josh, I have a wedding planner. I have a phone, computer, *Skype*, *FaceTime*, *Viber* at lahat na ’ata ng communication devices ay meron ako. So, kahit wala ako sa Pilipinas at kahit nasaan ako, they can reach me right away. I just want to know you more and I think ang trip na ito ang magpapatibay ng relasyon nating dalawa.”

Napapailing na lamang si Josh.

“Listen, Josh. Life is too short. You can’t live your life na puro trabaho na lang at pera. You need to learn how to appreciate what you have and enjoy it. You are a freaking millionaire sa Filipino at American standard. Hindi mo na kailangang magtrabaho for the rest of your life dahil sa dami na ng endorsement mo, movies, modeling,

guesting at hosting at kung anu-ano pa. You have tons of money, enjoy it! You have to go with me.”

Josh was only thirty-two years old, pero isa sa pinakamayayamang artista sa Pilipinas. He was worth one hundred twenty million pesos. Kayod-marino ang binata at halos wala itong tinatanggihang offer. Sa kabilang banda, he liked to party a lot. Kapag may party, he would drink a lot and even smoked illegally. One time he had a one-night stand with a super hot socialite, pero hindi iyon nalaman ni Emma.

“Don’t do this to me, please.” Bumitaw si Josh sa pagkakayakap kay Emma at bumuntong-hininga ito.

“Josh, I want to see the world and I want you to be with me. Please. Four months ka lang mawawala sa limelight and you’re still a millionaire.”

“Stop!” Napalakas ang boses nito.

Nagulat si Emma sa reaksyon ng binata. Wala naman siyang intensyon na galitin ang mahal niya. Gusto lamang niyang makasama ito araw-araw sa isang once-in-a-lifetime adventure nilang dalawa na walang nakakakilala kay Josh. May masama ba sa gusto niyang mangyari?

“Em, hindi mo naiintindihan. After nitong weekend, fully booked na ako sa buong month na ito at sa mga darating pang buwan. Actually, my life is already booked this year and next year. Hindi ko

p'wedeng basta i-cancel ang schedule ko.”

“Bullshit! Of course you can! Excuse ka na sa noontime show na hino-host mo kasi ako ang isa sa mga producers doon. Talk to your manager para i-cancel ang ibang schedule mo para sumama sa akin.”

“Em, bakit hindi mo maintindihan? You always get what you want at palagi mong ipinagpipilitan sa akin.”

“Excuse me. Hindi 'yan totoo. I have to wait para makuha ang gusto ko at pinaghihirapan ko ang lahat ng bagay na meron ako. Walang kinalaman sa akin ang Europe trip na ito. Para ito sa ating dalawa. Pangarap natin noon na pupunta tayo sa Spain, Italy, Portugal, France, Morocco, Johannesburg at Cape Town na backpack, sandals, shorts at t-shirts lang ang dala. Pangarap natin na kahit may pera tayo, we will travel below our means. Kakain tayo sa cheap restaurants at kakain din tayo ng street foods, matutulog tayo sa hostel places...” Naiyak siya sapagkat mukhang malabo nang matupad ang mga pangarap niyang maglakbay sa mundo na kasama ang mahal niya.

Hinilot ni Josh ang ulo nito. “You know, I hate to see you cry.” Umupo ito sa harapan ng dalagang umiiyak. Dahan-dahan siya nitong niyakap.

“Gusto ko lang naman makasama ka palagi at sabay nating lalakbayin ang mundo. Apat na

buwan lang, hindi iyon gan'un katagal.”

Minsan ay may pagka-selfish si Emma. Pero hindi maiwasan na maging selfish siya dahil bihira lang silang magkaroon ng private time. Workmates sila sa noontime show pero very professional ang treatment nila sa isa't isa kapag nagtatrabaho sila.

“So, sino'ng papalit sa 'yo sa noontime show as producer?”

“I'm sure maraming nangangailangan ng work dyan. I don't have to worry about it. Kung hindi na nila ako i-hire after four months, I will find another job.”

“I love you, Emma. I want you to be happy.” Hinalikan nito sa noo ang babaeng pinakamamahal. Sasama na ito kay Emma. Bahala na kung ano ang mangyari sa mga commitment nito.

“I love you, too.”

Two weeks later, nakabili na sila ng plane tickets. Nakaplano na ang lahat para sa trip of a lifetime nina Emma at Josh.

Her phone rang. Si Josh ang nasa kabilang linya.

“Hey!”

“I need to see you...”

Nagkita sila sa isang restaurant sa Eastwood.

Napagdesisyunan ng company na pinagtatrabahuhan ni Emma na hindi na nila iha-hire ang dalaga kapag bumalik siya mula sa

four-month trip nila ni Josh, at may ilang company na hindi masaya sa desisyon ni Josh na i-let go ang ilang gigs at endorsement. Hindi rin masaya ang binata na ilagay sa alinlangan ang career. Million pesos ang nakataya sa bawat commitment nito. Ayaw nitong mawala iyon, pero ayaw rin ng lalaki na malungkot si Emma. Kapag nawalan na ng tiwala ang mga companies dito, saan na ito pupulutin?

“Good news or bad news?” tanong ni Emma bago isubo ang calamari. “Oh, let me guess....”

“I’m sorry, Em... we have to cancel the trip. Idedemanda ako ng ilang kompanya dahil may commitment na ako sa kanila. Hindi ako p’wedeng tumalikod nang gan’un na lang. I can’t just walk away. I hope you understand. Sa susunod na lang tayo mag-travel sa Europe at Africa.

She’s not very happy. Aminin man niya o hindi, she’s very selfish sa time niya kay Josh at minsan ay hindi niya nakikita ang mga dahilan nito kahit pa legal matters ang nakataya.

“Well, get the best lawyer at idemanda mo din sila.”

“What?” Hindi makapaniwala si Josh sa narinig.

“Yes, sue them!”

“Sue them for what?”

“I don’t know, I’m not a lawyer! Don’t ask me!”

“Please understand. We can’t do this trip right now. You have to cancel our flights...”

Bumuntong-hininga si Emma. She’s very disappointed. Umiling siya ay tumitirik ang mga mata sa sobrang inis.

“Let’s do this maybe two years after we get married. Promise, I will make it a priority. We can’t go anywhere right now.”

“Well, I guess I’m going by myself.” She stood up.

“Emma Rose!” He grabbed her arm. Sa sobrang higpit niyon ay nasaktan siya.

“What?”

“Tell me you’re kidding.”

“I’m going to Europe with or without you and yes, we’re still gonna get married. I just have to go, Josh.”

“I’m really sorry, Emma.”

“Hey, it is what it is. I will send you some photos! So, p’wedeng pakibitiwan na ’yung braso ko?”

“Sorry. I love you. You know that, right?”

“Of course and I love you, too. Sana lang talaga kasama kita, pero kahit paano’y naiintidihan ko ang reason mo.”

“Sorry din at hindi kita maihahatid sa flight mo.”

“Don’t worry about it.” And she walked away.

Chapter Three

Sweet Man

Nice, France.
August ang kasalukuyang buwan. Finally, she made it to Nice. Now she needed to take the train from Nice to Cinque Terre, Italy. White shorts, striped shirt and a pandora hat, para siyang artista. Siniguro niyang may dala siyang camera at selfie stick.

Planado ang lahat, nag-download din siya ng travel apps tulad ng *Go Euro* at *My Train Companion* para hindi siya mahirapan sa schedule ng trains or buses sa Europe. Mate-test ang effectiveness at reliability ng dalawang apps na iyon. Nag-download din siya ng translator app na *SayHi*.

Samantala, nagpasya si Emma na mag-snack muna habang hinihintay ang next train. Two hours

pa bago dumating ang susunod kaya mayroon pa siyang time para magpahinga.

Mula sa Nice, France ay may stopover ang train sa Sestri, Levante then Monterosso al Mare, Italy. Tatlong linggo siyang mamamalagi sa Cinque Terre, Italy bago siya pupunta sa Amsterdam then Switzerland then sa Spain. *Five lands* ang ibig sabihin ng Cinque Terre at ang Monterosso al Mare ay isa sa limang villages sa Cinque Terre.

Tapos na siyang mag-snack. She paid her bill and left. Walking distance lang ang restaurant sa train station.

Nang makarating siya roon, biglang sumama ang pakiramdam niya. Para siyang nahihilo at nasusuka at natatae. Siguro dahil sa jet lag at pagod. Umupo siya sa bench at isinandal ang ulo sa pader. Ipinikit niya ang mga mata dahil sa tingin niya ay pagod lamang iyon. Subalit habang tumatagal ay lalong sumasama ang pakiramdam niya.

Paparating na ang train. Dahan-dahan siyang tumayo kahit nahihilo siya. *Mukhang na-food poison ako. Of all places naman! Sa Pilipinas nga na halos kainin ko ang lahat ng klaseng street foods, eh, hindi ako na-food poison! Dito pa sa France!* sabi niya sa sarili habang bina-balance ang katawan sa paglalakad.

Nagpasukan na ang mga tao sa loob ng train. Parang gusto talaga niyang masuka, pero

pinipigilan niya ang sarili. Bago magsara ang pinto, nagawa rin niyang makapasok. Second floor second class seat ang nasa ticket niya. Dahan-dahan siyang umakyat sa hagdanan hanggang makarating siya sa kanyang upuan. Eight hours and fifty minutes ang byahe mula Nice to Monterosso.

Bumuntong-hininga siya pagkaupo. Ipinikit niya ang kanyang mga mata.

Josh, sana nandito ka. I miss you, sabi niya sa sarili. Nasusuka na talaga siya. Dali-dali siyang tumakbo sa rest room at nagsuka roon.

Food poisoning nga ang dahilan kaya masama ang pakiramdam ng dalaga. Halos ayaw na niyang umalis sa banyo. She stayed there for an hour. Bumalik na siya sa kanyang upuan. Pawis na pawis siya at nanlalambot.

“Excuse me,” pasintabi niya sa katabi sa upuan. Isinandal niya ang ulo sa salaming bintana ng train. Bahagya siyang napangiti sa ganda ng tanawin.

Matagal na niyang gustong gawin ang trip na ito. Subalit ganito naman ang pakiramdam niya. Muli siyang tumakbo papuntang banyo. Pakiramdam niya ay made-dehydrate siya nang wala sa oras. Muli siyang bumalik sa upuan. Hinang-hina na siya. Hinalungkat niya ang backpack upang kunin ang first aid medicine na baon niya.

Walang *Imodium* sa bag niya.

“Shit!” nahihilong sabi niya. Gusto niyang ibalibag ang backpack. Naiiyak siya dahil pakiramdam niya ay kailangan ulit niyang bumalik sa banyo para sumuka at dumumi.

Muli siyang bumalik sa banyo at nag-stay roon ng fifteen minutes. Pakiramdam niya ay hihimatayin siya kapag muli siyang bumalik para magsuka at umebak. Nailabas na niya ang lahat.

Nagdedeliryo siya pagbalik niya sa upuan. Wala na siyang mailalabas pa. Hindi niya napansin na ang katabi niya sa upuan ay pinagmamasdan siya mula pa sa simula. Naawa ito sa kanya na tila nawawala sa sarili.

“I think I’m... I’m gonna pass out. Diyos ko!” Nagdilim ang paningin niya. Napahawak siya sa braso ng katabi at tuluyan nang nawalan ng malay-tao.



Few hours later... Monterosso al Mare, Italy.

“Miss, wake up.”

Parang boses ng anghel ang naririnig ni Emma. Nagmulat siya ng mga mata. Blurry ang paningin niya. Nakasandal pala siya sa kung sino. Inangat niya ang ulo mula sa balikat ng taong sinandalan niya. Malabo ang hitsura nito. Nangingkit ang kanyang mga mata habang tinitigan ang mukha ng lalaki. Unti-unting lumilinaw ang kanyang

paningin.

It's a guy, sabi niya sa sarili habang kinukusot ang mga mata.

“Are you okay?” tanong ng estranghero habang kinukuha ang backpack.

“Yes, I’m okay now. Thank you.”

Kasinungalingan. Nahihilo pa rin siya. Kinuha niya ang backpack at ang *Louis Vuitton* purse. Pagtayo niya ay muli siyang napaupo dahil nanghihina ang kanyang mga tuhod.

Ano ba’ng nangyayari sa akin? nag-aalalang sabi niya sa sarili. At muli siyang nawalan ng malay-tao.

Makaraan ang ilang oras, unti-unting nagmulat ng mga mata si Emma. Nakakasilaw na liwanag ng ilaw ang bumungad sa kanya. Halos mabulag siya. Iginala niya ang paningin. Bigla siyang bumangon nang makita niyang may nakakabit na suwero ng dextrose sa kanyang braso. Nasa ospital siya? Pinilit niyang alalahanin ang nangyari sa kanya. Nakita niya ang isang lalaking kumakausap sa doctor.

“Tama, siya ’yung sinandalan ko habang natutulog ako sa train!” bulong niya sa sarili.

Tapos nang kausapin ng estranghero ang manggagamot. Lumapit ito sa kanya.

“Kumusta ka na?” sabi nito.

Nanlaki ang mga mata ng dalaga dahil marunong itong mag-Tagalog.

“What? Pinoy ka?” takang tanong niya.

“Oo, narinig kitang nag-Tagalog noong nasa train tayo. S’abi mo, ‘Diyos ko’ ’tapos hinimatay ka na.”

“Pasensya na’t naabala pa kita.”

“Ayos lang.”

Napakunot-noo siya. Parang familiar ang lalaking iyon. “Ano’ng sabi ng doctor?” tanong niya.

“Na-food poison ka daw. ’Yang IV sa braso mo ay para ’yan sa fluid na nawala sa ’yo. Dehydrated ka na daw. Sinabi rin niyang hindi ka kailangang ma-confine dito sa ospital. P’wede ka na daw umuwi basta kaya mo na raw maglakad.”

Pinagmasdan niyang mabuti ang mukha ng lalaki. Guwapo ito, matangkad, moreno, matangos ang ilong, maganda ang pangangatawan, at maganda rin ang boses.

Napansin nito ang pagkakatitig ni Emma.

“Are you okay? May dumi ba ako sa mukha?” Hinawakan nito ang mukha.

“Ha? W-wala. Mukha ka kasing familiar.” Saan ba niya nakita ang lalaking iyon maliban sa train? “Uhm... kailangang mabayaran na ang hospital bills ko para makalabas na ako.”

Medyo masama pa rin ang pakiramdam ng dalaga, pero ayaw niyang mag-overnight stay sa ospital na iyon. Unang gabi niya sa Monterosso pagkatapos sa ospital siya matutulog. No way! Pipilitin niyang bumangon at maglakad para

makahanap ng maayos na hotel.

“Pakiabot mo nga ’yung purse ko.” *Louis Vuitton* ang purse niya. Regalo iyon ni Josh sa kanya noong birthday niya.

Iniabot naman iyon ng lalaki sa kanya.

Binuksan niya ang purse upang kunin ang wallet. Subalit mukhang may problema. Wala ang wallet niya roon!

“Pakikuha ’yung backpack ko.” Baka kasi nailagay niya ang wallet doon.

Tumalima naman ang kausap.

Kinabahan si Emma. Hinalungkat niya ang backpack. Tinanggal niya ang lahat ng gamit na nandoon. Kinapkap niya ang bawat sulok ng bulsa sa bag na iyon, subalit wala siyang nakitang wallet.

Tinaktak din niya ang laman ng purse niya. Wala rin doon ang pitaka niya. Halos maiyak na siya. Sumikip ang dibdib niya sa inis at galit. Mukhang nanakawan siya. Pero saan at kailan?

Napansin ng lalaki ang biglang pagbabago sa mukha ng dalaga. Biglang naiiyak na lamang si Emma sa inis.

“Ano ba’ng ginawa ko at minamalas ako? At sino’ng kumuha o nagnakaw ng wallet ko?” Sa inis niya, ibinagsak niya ang kanyang katawan sa hospital bed at humagulgol siya.

“Bakit ka umiiyak? Ano’ng nangyari?” nagaalalang tanong nito na nilapitan siya.

“Yung wallet ko, nawawala. Paano na ’yan? Paano na ang Europe trip ko?” sabi niya.

Bigla siyang bumangon at hinanap ang cellphone sa mga nakakalat na gamit sa kama. Sa kasamaang-palad, pati ang aparatong iyon na kaka-upgrade pa lamang ay nawawala rin.

Lalo siyang umiyak. Pakiramdam niya ay bigla siyang nilagnat sa sama ng loob. Umiyak siya at muling humiga sa hospital bed. Wala siyang pera at wala rin siyang cellphone. Babalik ba siya sa Pilipinas? Pakiramdam niya ay sinumpa siya ni Josh kaya siya minamalas.

“Miss, ano’ng problema?”

“Nawawala ’yung wallet ko at cellphone! Sino ang pesteng nagnakaw ng mga gamit ko?” At muli, humagulgol siya. Isinubsob niya ang mukha sa unan.

Hindi alam ng lalaki ang gagawin. Naawa ito sa dalaga.

“Soibig sabihin, wala kang perang ipambabayad sa bills mo rito at wala ka ring cellphone para tawagan ang pamilya mo para padalhan ka ng pera sa *Western Union*? Saulo mo ba ang phone number ng nanay mo o boyfriend mo?” tanong nito.

“Hindi!” Lalo siyang umiyak kasi hate na hate niya ang mag-memorize. Ang memorized lamang niya ay ang mga favorite songs niya.

“Hmm...” Tumayo ito at nagpalakad-lakad sa

tabi ng kama. Paano nito gagawan ng solution ang problema ng babaeng iyon? Napaisip pa nga ito na baka con artist si Emma, pero saksi ito sa mga nangyari sa kasama sa train kaya imposibleng umaarte lang siya.

“So, ganito. Hindi ko alam ang plano mo at mission mo kung bakit ka pumunta dito sa Monterosso. Wala kang pera at wala kang cellphone pero may *Louis Vuitton* ka. P’wedeng ninakaw ang wallet mo at cellphone noong nawalan ka ng malay sa train station. Guess ko lang ’yon. So, wala kang perang ipambabayad sa hospital, wala kang perang ipambabayad sa hotel room at wala kang perang ipambabayad sa pagkain mo. In short, you are f*cked.”

Lalo siyang naiyak. Sana pinaghiwa-hiwalay niya ang cash at mga credit at debit cards. Kung bakit kasi inilagay niya ang lahat ng iyon sa iisang wallet. Wala rin siyang old-fashioned phone book kung saan nakasulat lahat ng phone number at address ng mga contacts niya. Wala rin siyang dalang laptop. She felt so dumb and stupid!

Sumakit ang ulo ng binata.

“Well, two things. Una, p’wede mong gamitin ang phone ko para makapag-log-in ka sa *Facebook* account mo. I-message mo ang mga friends mo o pamilya mo na nanakawan ka dito sa Italy at kailangan mo ng pera para makauwi ka ng

Pilipinas—”

“I’m not going back! ’Andito ako para magbakasyon!”

“Huh?” Napailing ito. “Okay, so hihingi ka ng pera para ipagpatuloy mo pa rin ang bakasyon mo kahit broke ka na?”

Hindi makasagot si Emma.

“Anyway, second. Kung saka-sakaling hindi ka nila kaagad mapadalhan ng pera, ibig sabihin ay wala kang matutuluyan dahil wala kang pambayad sa hotel room. In that case, p’wede kang tumuloy sa tutuluyan kong bahay. Ako ang magbabayad ng pagkain mo o transportation hangga’t wala kang pera. Idagdag ko na lang ang charges kasama ang hospital bill mo na babayaran ko na rin.

“Hindi ko alam ang itinerary mo so... I guess you have to go with me dahil hindi naman ako papayag na bibigyan kita ng pera ’tapos aalis ka. I mean... you know... I don’t know you. Paano ako makakasiguro na babayaran mo nga ako? At kailangan ko rin ng pera so I guess you are stuck with me.” Napapailing ang binata matapos sabihin iyon.

“Let’s do it,” masama ang loob na tugon ni Emma.

Naguguluhan siya. Ayaw niyang bumalik sa Pilipinas. Umaasa siya na papadalhan siya ng pamilya niya ng pera at kailangang mapa-cancel

niya ang lahat ng credit cards niya.

“Well, okay then. I think you need to know the name of your financier. I’m Sayen Santander.”

Natigilan siya sa pag-iyak at nanlaki ang kanyang mga mata.

Chapter *Four*

Damn The Circumstances

Sayen Santander. Paano niya malilimutan ang pangalan na iyon? Hindi siya makapaniwala na after eighteen years, sa Monterosso al Mare, Italy ay makikita niyang muli ang dating payatot na batang lalaki na palagi siyang inaasar. Tatanggapin pa rin ba niya ang alok nito kahit alam niya na ang lalaking iyon ang bangungot niya noong nasa first year high school siya?

Pinahid niya ang luha sa kanyang mga mata at umupo sa gilid ng kama. “I’m Emma Rose Sandoval.”

Kinilabutan si Sayen nang marinig ang pangalan na iyon. Bumilis ang tibok ng puso nito. Pinagpawisan ito nang wala sa oras at hindi alam ang sasabihin. Sa wakas, nagkita rin sila ni Emma.

Hindi nila nakilala ang isa't isa. Eighteen years, marami nang nagbago sa kanila. Iba na sila ngayon. Dati ay payatot at pandak si Sayen, ngayon ay isa na itong guwapo at matipunong binata. Maraming babae ang nagkakagusto rito dahil sa ganda ng katawan nito, pero walang sineseryoso. Si Emma naman ay mas maganda na kumpara noong first year high school siya.

“Well, nice to meet you.” Iniabot ni Sayen ang kanang kamay sa dalaga.

Pinagmasdan ni Emma ang kamay sa kanyang harapan. Pakiramdam niya ay lalo siyang minamalas. Ninakaw ang wallet at cellphone niya at ngayon ay stuck siya sa dati niyang bully.

Tinanggap niya ang pakikipagkamay nito. Bumitaw agad siya sa binata. Umalis na rin siya sa kama dahil ayaw na niyang magtagal pa roon dahil lalong lalaki ang hospital bill niya.

Akmang bubuhatin ni Sayen ang kanyang backpack nang biglang akuin iyon ng dalaga.

“Salamat pero kaya kong buhatin ito.” Subalit mahina pa rin ang katawan niya.

Awkward ang sitwasyon nila ngayon dahil magkakilala pa sila. Binayaran muna ng lalaki ang hospital bill niya bago sila lumabas ng ospital. Nauunang maglakad si Emma habang nakasunod lamang si Sayen. Hindi nila alam parehas ang sasabihin sa isa't isa.

“Emma, are you hungry?” untag nito sa kanya. Binilisan nito ang paglalakad upang masabayan siya.

Siyempre gutom siya. Nakasalalay sa lalaking ito ang kanyang breakfast, lunch and dinner. Parang naiiyak na naman siya.

“Oo, gutom na ako.” Nilunok na niya ang lahat ng pride na mayroon siya. Kasama niya sa isang romantic at napakagandang lugar ang kanyang former bully.

“Meron akong alam na lugar dito na p’wede nating kainan.” Tumingin si Sayen sa relo nito upang i-check ang oras. Alas seis na ng gabi, isang oras na lang at magsasara na ang paborito nitong street food restaurant sa Monterosso al Mare.

Hindi sila nag-iimikan habang naglalakad.



Ii Massimo della Focaccia. Simple lamang ang lugar. Street food style ang mga pagkain sa menu. May bakanteng upuan sa labas, umupo silang dalawa roon.

Maganda ang view. Mula sa puwesto nila ay matatanaw ang Italian Riviera coastline. Malapit ang restaurant na iyon sa train station.

“I suggest that you should try their focaccia bread, especially the one with potato and onion. Or it’s all up to you. Suggestion lang. Ako, I’m gonna

get focaccia bread topped with cheese.” Ayaw ni Sayen na maging uncomfortable ang dalaga. Sa palagay nito, panahon na para makapagbayad ito sa isang taong pang-iinis sa dating kaklase, noong first year high school sila.

“Okay, focaccia bread topped with potato and onion.” Nahihiya pa rin si Emma pero wala siyang magagawa nang mga oras na iyon kundi tanggapin ang inaalok ng lalaki.

“Good!” Tumayo si Sayen upang um-order.

Kita mo nga naman, marunong mag-Italian, sabi niya sa sarili nang marinig itong kumausap sa restaurant staff.

Ilang minuto ang nakalipas at handa na ang order nila. Na-impress si Emma sa sarap ng focaccia bread na in-order niya. Kahit papaano ay sumaya siya dahil sa sarap ng kinakain niya.

Siguro gutom lang talaga siya.

“What do you think? Masarap ba?”

“Lahat nagiging masarap sa taong gutom,” aniya.

“Hah! Totoo ’yan!”

“Pero siguro kahit hindi ako gutom, masarap talaga ito. I love it!”

“Good.”

Napangiti si Sayen. Pasimple nitong pinagmasdan ang dalaga. She was definitely prettier now kung ikukumpara eighteen years ago.

Makinis ang mukha at ang mga mata ni Emma ay tila nangungusap. Pinagmasdan din nito ang kanyang mga labi.

Inalis nito ang paningin sa kasama. He felt something naughty. Minabuti nitong ituon ang pansin sa pagkain ng napakasarap na focaccia. Pero sa pagbaba nito ng paningin ay napansin nitong may suot na singsing ang dalaga sa kanang kamay. Bigla itong nanlumo sa naisip na engaged na si Emma.

“So, kung hindi nangyari sa ’yo ang lahat ng ito, saan ka mag-i-stay?” curious na tanong ng binata.

“Sa hotel na malapit dito, overlooking the Riviera coastline. Hindi ako nag-reserve ng room dahil alam mo naman kapag nagta-travel ay maraming p’wedeng mangyari. Pero if money is not the issue, tutuloy ako sa magandang hotel. Pero dahil wala naman akong pera ngayon, kung saan ka tutuloy, doon na lang ako magtitiis.”

Natawa si Sayen.

“Well, unfortunately, hindi ka matutulog sa hotel dahil hindi ako tutuloy doon. I have a friend sa Manarola, pero ’yung nanay at tatay lang niya ang nandoon sa bahay. Sa tuwing bibisita ako dito, sa bahay nila ako tumutuloy. They don’t charge me, pero nagbibigay ako sa kanila ng pera dahil mababait sila.”

“Hindi naman ako maarte sa tutuluyan ko.

Lalo na ngayon na wala akong pera. I don't care kung hindi ako matutulog sa hotel ngayong gabi." Medyo maayos na ang pakiramdam niya.

Napawi nang kaunti ang hinanakit ni Emma sa kagandahan ng lugar. Nakikita pa rin niya ang positive side ng mga kamalasan na nangyari sa kanya. Paano na lamang ang gagawin niya kung hindi niya nakita ang Sayen na iyon? Baka matulog siya sa kalsada.

"That's good. Simple lang ang bahay nila at maliit lang."

"Ilang araw ka tutuloy sa kanila? I meant tayo." Muntik niyang malimutan na nakabuntot na siya sa lalaking ito hangga't wala siyang pera.

"Two days then I have to go to Spain, I meant we."

Mayroon kasing imi-meet na client si Sayen sa Barcelona, Spain. Doon ito kumukuha ng maraming inspirasyon sa illustrations nito. Paborito nito si Antoni Gaudi, ang Spanish Catalan architect.

"Okay, so bukas or later this evening p'wede bang mahiram ang phone mo para makapag-message ako sa pamilya ko at sa fiancé ko sa Pilipinas?"

"Sure!" walang pag-aalinlangang sabi nito. Pero deep inside, parang ayaw nitong ipahiram ang cellphone.

Tinapos nila ang pagkain at agad silang nagtungo sa bahay ng kaibigan ni Sayen.



Dumaan sila sa ilang eskinita. Maganda at malinis ang lugar. Iba-iba ang pintura ng mga bahay. May pula, pink, yellow, blue, orange, green, beige at iba pang matitingkad na kulay. Namangha si Emma sa designs at painting ng mga bahay sa Cinquerre Terre. Kasalukuyan silang nasa Manarola, isa iyon sa limang villages sa Italian Riviera coastline. Ang ibang villages ay Vernaza, Corniglia, Monterosso al Mare, at Riomaggiore.

May ilang hagdanan silang dinaanan bago sila nakarating sa bahay ng kaibigan ni Sayen. May mga damit na iba't iba ang kulay na nakasampay sa labas ng mga bahay na madaanan nila. Kumatok si Sayen sa dilaw na bahay na may pulang pinto. May mga bulaklak at halaman sa tabi niyon. Nagustuhan iyon ni Emma.

Isang fifty-year-old something na babae ang nagbukas ng pinto. Binati nito si Sayen sa salitang Italian saka hinalikan sa pisngi ang huli. Nanay iyon ng kaibigan ng binata. Maria ang pangalan ng babae.

Ipinakilala ni Sayen si Emma kay Maria. Nagtungo sila sa loob ng bahay. Nakaupo sa sofa si Benito, ang asawa ni Maria. Ipinakilala rin ni

Sayen ang dalaga rito.

Ipinaliwanag ni Sayen ang sitwasyon nila ni Emma sa mag-asawa. Nakikinig lamang ang dalaga dahil wala siyang naiintindihan sa mga sinasabi nila.

Habang nagkukuwentuhan ang mga ito ay tahimik lamang siyang nakaupo at nagmamasid sa paligid. Iginala niya ang mga mata sa loob ng bahay. Simple lamang ang loob niyon. Itim ang puwet ng kettle na nasa ibabaw ng stove. Halatang overused na ang takure at kailangan nang palitan. May halaman sa tabi ng bintana na overlooking sa Italian Riviera.

Ang kahoy na lamesa ay mistulang ginawa ng isang mahusay na craftsman. Orange ang pintura ng loob ng bahay. May mga litratong nakasabit sa dingding. May ilang paintings din na naka-display. Wala siyang nakikitang dishwasher o washing machine.

“Ilagay na natin ang mga gamit natin sa kuwarto,” sabi ni Sayen at pagkuwa’y binitbit ang backpack ng dalaga.

Nag-good night na sila sa mabait na mag-asawa.

“*Grazie.*” Iyon lamang ang alam niyang sabihin nang sandaling iyon. Natuwa ang mag-asawa sa effort niyang magsalita ng Italian. Ibig sabihin ay ‘thank you.’

Huminto sila sa tapat ng silid na green ang pinto. Binuksan iyon ni Sayen. Ini-on din nito ang switch ng ilaw sa kuwarto at nakita ni Emma na napakaliit niyon. Isang maliit na kama at isang maliit na cabinet lamang ang nandoon.

Napakagat-labi ang dalaga at napatingin siya sa kasama. Nagkibit-balikat lamang ang huli. Ano ba ang magagawa niya? Maliit lang talaga ang kuwarto.

“So, sa sala ka matutulog?” sabi ni Emma.

Natawa si Sayen. “Excuse me? Hindi ako matutulog sa matigas na upuan sa labas. No way.”

“Pang-isahan lang ’yung kama.”

“Twin bed ’yan.”

“So?”

“So?” balik nito.

“Hindi ako matutulog sa iisang kama katabi ang isang lalaking hindi ko fiancé. I’m engaged, by the way. Just so you know.”

“Huh! So? Ano’ng masama doon? Malisyosa ka pala. Walang ibang lugar sa bahay na ito na p’wedeng matulugan maliban lang dito. Dalawa lang ang kuwarto nila at parehas maliit. ’Yung ibang bahay dito ay iisa lang ang silid. This is luxury!”

“Hindi ako matutulog sa kama na ’yan na katabi ka.”

“Well, the living room is waiting for

you.” Naghubad ito ng t-shirt dahil mainit at maalinsangan sa loob ng kuwarto. Binuksan nito ang bintana upang pumasok ang hangin, subalit walang hangin. Naghubad na rin ito ng pantalon.

Napatakip ng bibig si Emma at tumalikod. “Bastos!”

Natawa lang si Sayen. Naka-briefs lamang ito habang naghahanap ng shorts sa backpack. Isinuot nito iyon at humiga na sa kama.

“Good night.” Alas diez na ng gabi.

Bumuntong-hininga na lamang si Emma. Pumunta siya sa banyo para roon magpalit ng damit-pantulog. Subalit walang lugar para paglagyan ng damit niya, bumalik siya sa kuwarto at iniwan ang damit doon. Muli siyang bumalik sa banyo upang maligo. Hindi siya makapagbihis sa loob ng banyo dahil walang mapaglalaman ng mga damit niya. Wala siyang choice kundi magbihis sa makitid na silid kung saan nandoon at nakatihaya si Sayen. Nakatapis lamang siya ng tuwalya.

Pinatay niya ang ilaw upang tanggalin ang nakatapis na tuwalya sa katawan. Nakapikit si Sayen subalit hindi nito maiwasang magmulat ng mga mata nang maramdamang nagtatanggal ng tuwalya ang dalaga.

Mula sa sinag ng buwan sa nakabukas na bintana, hindi namalayan ni Emma na tumatama sa katawan niya ang liwanag na nagsisilbing anino

sa madilim na kuwarto.

Napalunok si Sayen nang masilayan mula sa liwanag ng buwan ang hubog ng katawan ng dalaga. Bumilis ang pagtibok ng puso nito at lalo itong pinagpawisan. Ipinikit nito nang mariin ang mga mata at sinaway ang sarili. Subalit nagmulat uli ito ng mga mata. Nanlambot ito nang makita ang magandang dibdib ng babae sa liwanag ng buwan. Nanlaki ang mga mata nito.

Nakasuot na ng tank top at pajama si Emma, subalit mainit sa loob ng kuwarto. Nagpalit siya ng shorts at dahan-dahang humiga sa kapinggot na space sa kama. Huminga nang malalim si Sayen at narinig niya iyon.

Wala silang kumot. Parehas silang nakatitig sa kisame. Tanging liwanag ng buwan mula sa bintana ang ilaw nila. Mula sa labas ay narinig niya ang tunog ng gitara. Isang matandang lalaking Italiano ang tumutugtog.

Napalunok si Sayen. Katabi nito ang isang maganda at kaakit-akit na babae. Ilang taon din itong walang nakarelasyon dahil sa pagtupad sa mga pangarap nito. Hindi nito maiwasan ang mag-isip ng hindi wholesome na isipin.

Hindi makatulog si Emma. Wide awake siya. Naiisip niya si Josh. Gusto niyang ito ang katabi sa kamang iyon, subalit heto at isang Sayen Santander ang kahati niya sa mainit at maalinsangang gabi.

Walang anu-ano ay naramdaman niyang bumangon ang katabi at tumayo. Dahil mainit sa loob ng kuwarto, nagtanggap ito ng shorts. Napalunok si Emma.

OMG! sa loob-loob niya. Tumalikod siya sa binata dahil bigla siyang nakaramdam ng kung anong tukso. *What the hell!* sabi niya sa sarili. Alam niyang guwapo ang dating kaklase at maganda rin ang katawan nito.

When was the last time she slept with Josh? Hindi na niya maalala. So ibig sabihin ay matagal na iyon. She felt bad for herself for not getting enough sex with the most handsome heartthrob in the Philippines. Pinagpapawisan na ang kanyang mga hita. Gusto na niyang hubarin ang shorts na suot. Hindi niya akalain na ganoon kainit sa kuwartong iyon at dinagdagan pa ng isang super hot na si Sayen.

Hindi sila makatulog. Pabiling-biling silang dalawa sa kama. Naiinitan na talaga si Emma. Tumayo siya at hinubad ang shorts na suot. Naka-underwear na lamang siya. Madilim naman kaya okay lang. Napalunok si Sayen at lalong tinutukso ang isipan nito. Humihinga ito nang malalim.

Naramdaman ni Emma ang tension at init sa pagitan nila ng lalaki. Tao lamang siya. Ngayon lang siya nakaramdam sa posibilidad na pagtaksilan si Josh. Alam niyang mali ang kanyang

nararamdaman, pero alam niyang physical attraction lamang iyon.

Walang makakaalam. Sila lamang dalawa.

Alam din ni Sayen na lust lang ang nararamdaman nito kay Emma nang mga sandaling iyon. Nakatitig pa rin silang dalawa sa kisame. Dahan-dahan silang nagharap at pumikit ang dalaga. Mainit ang bawat hininga na lumalabas sa kanilang mga bibig. Ayaw ni Emma na magmulat ng mga mata dahil baka lalo siyang matukso.

Naramdaman niyang any moment ay sasabog na ang damdamin niya at init sa katawan. Kanina lamang ay naiinis siya kay Sayen, ngayon ay parang gusto na niyang maramdaman ito kahit sandali lang.

Bad girl! sabi ng konsyensya niya. *Don't you dare do it! You are engaged! Turn around and go to sleep! Nakakahiya ka sa gagawin mo. Tumalikod ka sa lalaking iyan.* Nanginginig na siya sa kung anong puwersa sa kanyang damdamin at nararamdaman niya para kay Sayen.

After eighteen years, sa ganitong sitwasyon sila nagkita, sa ganitong sitwasyon sila nilagay ng tadhana. Hindi makapaniwala si Emma sa mga nangyari sa kanya. Sa loob lamang ng isang araw, na-food poison siya, nanakawan, na-confine sa ospital, kumain ng napakasarap na focaccia

bread topped with potato and onion, at ngayon ay posibleng makipag-one-night stand sa dating bully.

Natigilan siya nang bigla ay narinig niya ang isang pamilyar na nursery rhyme. Kumakanta si Sayen.

“One little two little three little Indians four little five little six little Indians...”

Natawa si Emma. Nagtawanan na lamang sila sa sitwasyon na bumibilanggo sa kanila. Lingid sa kanya, kumanta na lamang si Sayen upang mapawi ang pakiramdam nitong tila nilalagnat sa init ng katawan.